# Ang Pagtulong ng FEMA ay Makakatulong sa Pagpapaayos o Pagpapalit ng mga Pugon

**Release Date: Oct 19, 2021**

Kayo ba ay isang may-ari ng tahanan na nakatanggap ng tulong mula sa FEMA para sa pagpapaayos ng bahay? Saka ninyo lang din ba nalaman na nasira o nawasak din ng Bagyong Ida ang inyong pugon?

Kung ang inyong pugon ay hindi sakop ng inyong seguro, maaaring makapagbigay ng karagdagang tulong ang FEMA upang ipaayos o mapapalitan ito. Subalit kailangan mong mag-apela sa FEMA sa pamamagitan ng pagsulat at isama ang mga resibo sa gastos o mga pagtantya na pwedeng mapatunayan.

Ang FEMA ay pwedeng magbayad ng hanggang sa kabuuang halaga ng resibo o ng tantya para sa isang pugon. Kung pinaayos o pinapalitan mo ang pugon, ang FEMA ay maaaring magbigay ng tulong kung ang mga wastong tantya o mga resibo ay isinumite **sa apela**. Kapag kayo ay nag-apply para sa tulong, siguraduhing i-ulat ang kahit anong pagkasira sa pugon na dulot ng Bagyong Ida.

Ang pondo ay makukuha ng mga karapat-dapat na nakaligtas sa mga county ng **Bronx, Kings, Nassau, Queens, Richmond, Rockland, Suffolk, at Westchester**, na kasama sa mga deklarasyon ng pederal na sakuna ng Bagyong Ida. Tanging ang mga pangunahing tahanan na okupado ng mga may-ari nito ay pwedeng maisa-alang-alang para sa pagtulong. Ang mga bahay-bakasyunan at mga pangalawang bahay ay hindi karapat-dapat.

Ang Pantulong para sa Pagpaayos ng Tahanan ay makukuha lamang ng mga may-ari para sa mga kagamitan na walang seguro o kulang ang seguro at mga gastusin na dulot ng sakuna na naglalayon na gawing ligtas, malinis at magagamit ang tahanan. Ang ibang mga tulong mula sa FEMA ay makukuha rin para sa iba pang mga istrukturang bahagi ng iyong pangunahing tirahan kasama ang mga balon, sistema ng poso negro, water heater (pang-init ng tubig) at iba pang mga electrical na kasangkapan.

Palaging tandaan: Dapat kayong magsumite ng inyong nakasulat na apela sa loob ng 60 na araw mula sa petsa ng inyong sulat ng pagpapasya mula sa FEMA. Siguraduhin na isama ang mga dokumento na susuporta sa inyong hiling na apela kagaya ng mga mapapatunayang mga resibo para sa pagpapagawa o pagtantya, mga pagtantya ng kontratista o iba pang mga ebidensya na susuporta sa inyong apela.

Sa oras na mapadala mo sa FEMA ang isang apela, makakaasa kayo ng isang sulat ng desisyon sa loob ng 90 na araw pagkatapos itong matanggap ng FEMA.

Kung kayo ay may mga katanungan tungkol sa pagsumite ng inyong apela, bumisita sa isang Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) – DRC Locator (fema.gov) – o tumawag sa **Linya ng Tulong ng FEMA** sa **800-621-3362**. Kung kayo ay gumagamit ng serbisyo na video relay (VRS), serbisyo na captioned telephone o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Mayroong mga operator sa Linya ng Tulong mula 8 ng umaga hanggang 7 ng gabi araw-araw. Pindutin ang 2 para sa Espanyol, pindutin ang 3 para sa isang tagapagsalin na nagsasalita ng inyong wika.

Para mag-apply ng tulong sa sakuna, maaari ka ring tumawag sa Linya ng Tulong, bumisita sa DisasterAssistance.gov o gamitin ang FEMA mobile app.

Ang mga indibidwal na may mababang-kita na humaharap sa mga ligal na kaso dulot ng Bagyong Ida ay maaaring tumawag sa toll-free na linya para mapayuhan: **888-399-5459**. Kung nais mo na tawagan ka ng tagabigay ng ligal na serbisyo, kumpletuhin ang form sa https://nysba.org/ida. Ito ang mga halimbawa ng mga tulong na ligal:

- pagpapayo tungkol sa mga problema ng may-ari at umuupa
- tulong sa mga kontrata at kontratista para sa pagpapaayos ng bahay
- mga problema sa consumer protection (proteksyo para sa mamimili) tulad ng mataas na singil at pag-iwas sa mga panloloko ng mga kontratista sa proseso ng pagpapagawa
- tulong para makakuha ng mga benepisyo mula sa gobyerno
- tulong para sa mga hiling sa seguro para sa buhay, medikal at ari-arian
- pagpapayo sa mga problema sa pagsasara ng mortgage

Para sa karagdagang mapagkukunan sa online pati na rin ng mga downloadable na pamphlet ng FEMA at iba pang mga pantulong, bumisita sa DisasterAssistance.gov at i-click ang "Information."

Para maturo sa mga ahensyang sumusuporta sa mga pangangailangan para sa komunidad, tumawag sa 211 o bumisita sa https://www.211nys.org/contact-us. Para sa mga residente ng New York City, tumawag sa 311.

Para sa mga pinakabagong balita tungkol sa pagsisikap para sa pagbawi sa Bagyong Ida, bumisita sa www.fema.gov/disaster/4615. Sundan kami sa Twitter sa twitter.com/femaregion2 at www.facebook.com/fema.